# Pag-iimbestiga ng Kaso

**Kung naniniwala ka na nilabag ang iyong mga karapatan ayon sa NLRA, maaari kang maghabla ng kaso laban sa isang employer o organisasyon sa paggawa. Maaari mong makita ang mga form sa paghahabla dito. Mangyaring makipag-ugnayan sa isang opisyal sa impormasyon sa pinakamalapit na Rehiyonal na Opisina para tulungan ka.**

Ang NLRB ay tumatanggap ng tinatayang 20,000 hanggang 30,000 kaso bawat taon mula sa mga empleyado, unyon, at mga employer na may iba't ibang mga kaso ng hindi patas na gawain sa paggawa na tinukoy sa Seksyon 8 ng Batas.

Ang bawat kaso ay iniimbestigahan ng ahente ng Luhon na mangagalap ng ebidensiya ay maaaring kumuha ng salaysay mula sa mga paritdo at saksi. Ang kanilang mga natuklasan ay tinataya ng Rehiyonal na Direktor, at sa ilang kakaiba o mahalagang kaso, sinusuri ng mga abogado ng NLRB sa Sangay ng Pagpapayo (Division of Advice) sa Washington DC. Madalas na may desisyon na ginagawa tungkol sa isang kaso sa loob ng 7 hanggang 14 linggo, ngunit may ilang kaso na maaaring maging mas matagal. Sa panahon na ito, ang karamihan sa mga kaso ay pinagkakasunduan ng mga partido, binabawi ng naghahablang partido, o nadi-dismiss ng Rehiyonal na Direktor. Pindutin ito para sa mga tsart at datos.

Kapag natagpuan na may sapat na ebidensya ang imbestigasyon ng NLRB para suportahan ang kaso, gagawin ang lahat ng pagsisikap para magsagawa ng isang kasunduan sa pagitan ng mga partido. Kung sa ilang natatanging pagkakataon ay walang naging kasunduan, ang ahensiya ay magpapadala ng reklamo. Kabilang sa mga karaniwang paratang laban sa mga employer ay pananakot, interogasyon at mga aksyon sa pagdidisiplina na labag sa batas dahil sa kanilang gawain sa unyon; pangako ng benepisyo para pigilan ang pagbubuo ng unyon; at, sa konteksto ng ugnayan sa negosasyon, pagtanggi sa pagbigay ng impormasyon, pagtanggi sa negsasyon, at pagbawi ng pagkilala. Kabilang sa karaniwang paratang laban sa mga unyon ay ang kabiguan sa representasyon ng isang empleyado at kabiguan na makipag-negosasyon nang tapat.

Ang pagbibigay ng reklamo ay magbibigay-daan sa isang pagdinig ng isang Hukom sa Batas Administratibo NLRB (maliban kung magkaroon ng kasunduan). Pagkatapos na ibigay ang reklamo, ang NLRB ay magiging kinatawan ng naghahablang partido sa kabuuang pag-uusap sa kasunduan at proseso ng Lupon. Ang mga abogado ng Lugon ay tutulong sa pagkalap at paghahanda ng mga materyales, at panatilihin ang kapwa partido na may impormasyon sa pag-usad ng kaso.

Ilegal para sa isang employer o unyon na maghiganti sa mga empleyado sa pagsampa ng kaso o pakikilahok sa imbestigasyon o pagdinig ng NLRB.

### Pagtatama

Ayon sa mandato nito, ang NLRB ay hindi maaaring gumawa ng pagtataya ng parusa. Ang ahensiya ay maaaring maghangad ng malawakang pagtatama, tulad ng pagbabalik sa trabaho at

backpay para sa mga pinaalis na manggagawa, at mga impormasyon na pagtatama, tulad ng pagpapaskil ng abiso ng employer na nangangako na hindi lalabagin ang batas.

**Pansamantalang Utos**

Habang umuusad ang kaso ayon sa proseso ng Lupon, ang Rehiyon na Direktor ay maaaring magpetisyon sa naaayong Distritong Korte ng U.S. para sa pansamantalaga pagpapatupad ng status quo kung saan ang mga karapatan ay nilabag, ayon sa Seksyon 10(j) ng Batas. Ang Pangkalahatang Tagapayo ay dapat na aprubahan ang petisyon at dapat itong bigyang awtorisasyon ng Lupon. Kung iginawad ng Korte, ang utos ay kabilang sa ilang bagay, ay atasan ang isang partido na bumalik sa pakikipagnegosasyon, o ibalik sa trabaho ang mga empleyado na pinaalis na labag sa bata, o pigilan ang wala sa batas na pag-subcontract ng mga trabaho ng unyon. Pindutin dito para makita ang listahan ng mga aktibidad na ipinag-uutos ayon sa 10(j), at tingnan ang mapa ng aktibidad ayon sa 10(j) dito.

**Opisina sa Pag-apela**

Ang mga desisyon na i-dismiss ang isang kaso ay maaaring mag-apela sa Opisina sa Pag-apela sa Washington D.C. sa loob ng dalawang linggo ng pagkaka-dismiss. Ang Opisina ay nag-aasikaso ng tinatayang 2000 kaso isang taon. Ang bawat apela ay itinatalaga sa isang abogado at isang tagapamahala para suriin ang lahat ng dokumento sa kaso, kasama ang bagong impormasyon na ipinasa ng naghahablang partido. Lahat ng kaso na nagmumungkahi na baliktarin ang husga ng Rehiyonal na Direktor ay ipinapakita sa Pangkalahatang Tagapayo para pagdesisyunan.

Ang mga natatanging kaso ay maaaring ipakita para suriin ng Pangkalahatang Tagapayo kahit na iminungkahi na manatili ang husga ng Rehiyonal Opisina. Kung kinakailangan, ang Opisina ay maaari ring ibalik ang mga kaso sa rehiyon para sa patuloy na imbestigasyon. Dahil ang mga desisyon na iyon ay hindi maaaring suriin muli sa korte, walang patuloy na paraan para sa mga partido na naniniwala na ang kanilang kaso ay hindi patas na na-dismiss.

**Para sa karagdagang impormasyon** o tulong sa paghahabla ng kaso, mangyaring makipag-ugnayan sa isang opisyal sa impormasyon sa iyon pinakamalapit na Rehiyonal na Opisina.